




GRADE VI

PAGPAPLANO NG PROYEKTO



ALAMIN MO



Bakit may plano ang mga bahay, tulay at iba pang mga proyektong ginagawa sa pamayanan? Gaano kahalaga ito sa bawat gawain?

Sa modyul na ito malalaman mo ang kahalagahan ng mga bahagi at paggawa ng plano ng proyekto na makatutulong nang malaki upang makatipid sa panahon, salapi at lakas sa paggawa ng mga proyekto. Kailangan lang ng masusing pag-aaral upang ito ay matutuhan.





PAGBALIK-ARALAN MO

- A. Alin sa mga sumusunod ang higit na nangangailangan ng plano ng proyekto?
Lagyan ng tsek (\checkmark) kung nangangailangan at ekis (\times) kung hindi.

Paggawa ng bahay	_____
Paggawa ng bisagra	_____
Paggawa ng Dust pan	_____
Paggugupit ng yero	_____
Pagpapako ng hugpong ng table	_____
Paggawa ng upuang tabla	_____
Paggawa ng proyekto sa sining	_____
Pang-industriya	_____

Ilan ang iyong tamang sagot? Paano mo matutukoy ang mga gawaing nangangailangan ng plano?

- B. Natatandaan mo pa ba ang mga katumbas ng simbolong ito?

1." – pulgada o inch

2. I \leftarrow 6" \rightarrow = 6 pulgada ang sukat ng bahaging ipinakikita.

Magaling! Gagamitin mo ito sa susunod mo pang mga gawain.





PAG-ARALAN MO

Sa bawat gagawin, kailangan mong magplano. Kailangan mong matukoy kung ano ang layunin mo sa paggawa nito. Ang mga sukat ng mga bahagi, presyo ng materyales at ng krokis ng proyekto ay dapat ding isaalang-alang. Pag-aralan din ang mga kasangkapang gagamitin at mga hakbang sa paggawa nito.

Pag-aralan mo ang sampol ng plano ng proyekto: “Extension Cord”

A. Pangalan ng proyekto :” Extension Cord”

B. Layunin ng proyekto:

- Magkaroon ng karagdagang outlet ng kuryente sa tahanan.
- Makagawa ng angkop na proyekto na naaayon sa plano

C. Talaan ng mga materyales (bill of materials)

Yunit	Kuwantidad	Deskripsiyon	Halaga bawat piraso	Kabuuang halaga
1	piraso	convenience outlet (saksakan ng plug)	P 25.00	P 25.00
1	piraso	plug (pansaksak sa outlet)	P 10.00	P 10.00
5	metro	electric wire #16	P 10.00/metro	<u>P 50.00</u> P 85.00

D. Mga kasangkapan sa paggawa

1. Disturnilyador
2. Side cutting plier (plais)
3. Wire stripper (pang balat ng wire)





E. Mga hakbang sa paggawa ng proyekto:

1. ihanda ang mga materyales
2. sukatin ang mga bahagi ng alambre na babalatan
3. ikabit ang bawat dulo ng alambre o wire sa plug at sa outlet
4. sa dikeksiyong clockwise sundin ang nakasaad sa krokis

F. Krokis o guhit ng proyekto

1. Dayagram:

2. Detalyadong Ilustrasyon

Sa nabasa mong sampol ng proyektong extension cord, nakita mo kung paano ginawa ang plano at ang bawat bahagi nito.

Dapat nakasaad ang pangalan at layunin ng proyekto. Ano ang maitutulong nito sa mga gagamit? Ang bill of materials o talaan ng mga materyales ay dapat maipakita nang tama ang deskripsyon at kuwenta ng materyales. Dapat nakalagay ang kabuang halaga na kinuha sa yunit, kantidad, deskripsyon at halaga ng bawat piraso. Kailangan maliwanag, ang kwenta para maihanda ang gagastusin sa proyekto. Upang maipakita pa ang kahandaan, ang kasangkapang gagamitin ay dapat ding matukoy gayon din ang mga tama at sunod-sunod na hakbang sa paggawa.





Ang working drawing o krokis ay kinakailangang maipakita ng wasto katulad ng mga sukat at ilustrasyong madaling maiintindihan upang madaling magawa nang tama ang proyekto.

Sa kabuuan, walang maaksaya sa gagawing proyekto kung ito ay may tamang plano.



SUBUKIN MO

Gumawa ng plano tungkol sa ibang binabalak na proyekto. Sundin ang mga gabay na napag-aralan sa paggawa nito.



TANDAAN MO

Makatutulong nang malaki ang paggawa ng plano para sa isang maganda, tama at kapaki-pakinabang na proyekto.



ISAPUSO MO

Nakaplano ng lahat ang bawat gawin ni Magno lalo na ang mga gawain sa Sining Pang-industriya. Alam niya na ang pagpaplano ay napakahalaga sa ikatatagumpay ng ano mang adhikain.

- Anong katangian ang nakikita mo sa ginagawa ni Magno?
- Ano-anong kabutihan ang magagawa nito sa kanya?
- Kung ikaw si Magno, gagawin mo ba ang ginagawa niya? Bakit?





 **GAWIN MO**

Pag-aralan ang krokis na ito at gawin ang plano ng proyekto ayon sa napag-aralang halimbawa:

Sundin ang pormat na ito

I – Pangalan ng proyekto _____

II – Layunin ng proyekto _____

III- Talaan ng materyales (Bill of Materials)

Yunit	Kantidad	Deskripsyon	Halaga	Kabuuang halaga

IV- Mga Kasangkapan Gagamitin





V- Mga Hakbang sa Paggawa ng Proyekto

VI- Krokis o Disenyo ng Proyekto



PAGTATAYA

A. Ibigay at isulat sa ibaba ang anim na bahagi ng plano ng proyekto.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____



B. Pag-ugnayin ang tinutukoy sa Hanay A na matatagpuan sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kaliwa ng mga bilang.

A

1. Drowing ng Proyekto
2. Pagkakakilanlan sa proyekto
3. Plais, Disturnilyador
4. Pagsusukat, pagtatabas
5. Yunit, kantidad materyales
6. Bakit ginawa ang proyekto

B

- a. layunin
- b. krokis
- c. pangalan ng proyekto
- d. hakbang sa paggawa
- e. kasangkapang gagamitin
- f. talaan ng materyales

C. Gumawa ng isang simpleng plano ng proyekto na maaari mong simulan.



Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.

